American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-07, pp-68-84
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Pagsusuri sa Paggamit ng Wika at Retorika sa SONA ni Ferdinand Marcos Jr.

Sushane May L. Casiple
*Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Philippines*

**ABSTRAK:** Ang talumpati ay isa sa pinakamahalagang anyo ngkomunikasyon ng tao. Sa pamamagitan nito, naipapahayag at naipagpapalitan natin ang mga ideya, saloobin, damdamin at impormasyon. Kapag epektibo ang Isang talumpati, nagiging daan ito sa malinaw at makabuluhang ugnayan, na nagpapalalim ng pag-unawa at koneksyon sa pagitan ng mga tao. Sa ganitong konteksto, isinagawa ang pag-aaral na ito upang suriin ang State of the Nation Address (SONA) ni Pangulo Ferdinand Marcos Jr. Layuning suriin ang paggamit ng wika at retorika. Gamit ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik at diskurso ng pagsusuri ng transkrip at ito nagsisilbing batayan ang mga teorya sa lingguwistika at retorika upang bigyang kahulugan ang mga natuklasang datos na tinalakay ng SONA bilang bahagi ng korpora ng pag-aaral. Batay sa mga natuklasan, ang aspeto morpolohiya na panghihiram na salita, pinaghalong salita, pagbuo ng tambalan salita, pagkaltas, pagbabago ng kahulugan, paraan ng pagbuo ng salita at sintatikong katangian. Bukod dito, ang estratehiya ng retorika ang ginagamit ni Pangulo Ferdinand Marcos Jr. sa kanyang SONA upang manghikayat at bumuo ng koneksyon sa kanyang mga tagapakinig ay ang tatlong aspeto: ethos, pathos, at logos. Binibigyang-diin ng pananaliksik na ito ang wika at retorika upang hubugin ang opinyon ng publiko at patatagin ang kanyang imahe bilang pangulo.

**Keywords-** *Ferdinand Marcos Jr, katangiang lingguwistiko, paggamit ng wika, retorika at SONA*

## I. INTRODUKSYON

Ang State of the Nation Address ay isa sa pinakamahalagang pampulitika na talumpati ng isang pangulo dahil ito ang nagtatakda ng tono, balangkas at mga plano ng administrasyon sa anumang partikular na taon Sikanku (2022). Ang espesyal na mensaheng ito ay iniharap sa iba't ibang anyo upang matugunan ang mga partikular na kahilingan ng pampulitika ng pamumuno ng isang pangulo. Sa mga pahayag, ginagamit ng Pangulo ang wika at retorika bilang kasangkapan upang manghikayat, magpaliwanag at magbigay-direksyon sa mga mamamayan hinggil sa mahalaga polisiya ng bansa.Isang mahalagang bahagi ng SONA ni pangulong Ferdinand Marcos Jr. ang paraan ng paggamit ng wika at retorika upang makuha ang atensyon ng publiko, palakasin ang mga mensahe ng kanyang administrasyon at hikayatin ang pananaw ng mga isyu tungkol sa bansa.

Sa Estados Unidos, ang paggamit ng retorika sa *State of the Nation Address* (SONA) ay hindi lamang ulat tungkol sa kalagayan ng bansa at naging daan para ipahayag ang kanilang pananaw, layunin at madalas na naging paksa ng debate. Ang mga pahayag ni Pangulo Donald Trump sa kanyang mga SONA mula 2017 hanggang 2021 ay nakatanggap ng pansin dahil sa kayang retorika ng puno ng pagkakabaha-bahagi at kontrobersiya, partikular na sa isyu ng imigrasyon at seguridad. Sa bansang India, ang paggamit ng wika at retorika sa mga talumpati ng pangulo ay naging batayan ng pambansang diskurso Haoran (2024). Ang Prime Minister Narendra Modi ay kilala sa paggamit ng wika upang maitaguyod ang mga reporma at pamamahala ng bansa ngunit ang wika ay minsang naging dahilan ng pagkawatak-watak ng mga tao, lalo na sa mga isyu ng relihiyon at etniko (Sharma, Priyanka & Kumar Dr., 2023).

Sa Pilipinas ang wika at retorika ng SONA ng pangulo ay isang instrumento na nagpapakita ng kanilang polisiya at layunin sa mga mamamayan. Kadalasan, ginagamit ang Filipino bilang pangunahing wika sa SONA, subalit may mga pagkakataon na ginagamit ang ingles at mga lokal na wika depende sa pangangailangan at mensahe ng pangulo. Sa SONA ni Pangulo Rodrigo Roa Duterte noong 2019, ginagamit niya ang malupit na wika at retorika upang ilahad ang mga isyu sa droga at turismo pati na rin ang mga plano para sa mga imprastraktura at pagbabago sa edukasyon at kalusugan. Ang paggamit ng mga matitinding salita, na karaniwang nakikita bilang malupit o diretso ay may epekto sa pampulitikang imahe ng administrasyon at pakiramdam ng mga mamamayan (Murillo et al., 2021).

Gayunpaman, ang pag-aaral na ito ay nagtataglay ng kaugnayan sa lipunan dahil ito ay may potensyal na tulungan ang mga mamamayang Pilipino na maunawaan ang mga lingguwistiko estratehiya na ginagamit sa SONA. Nilalayon nitong ilarawan kung paano naiiba ang interpretasyon ng wika sa mga komunidad ng

pagsasalita. Ang pananaliksik ay mahalaga dahil sa makabuluhang papel ng *State of the Nation Address* o SONA na naka impluwensya sa mga mamamayan at tagapakinig sa pampubliko diskurso. Sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa mga katangian ng wika at mapanghikayat na pamamaraan na ginamit sa talumpati, ang pananaliksik na ito ay naglalayong makinabang ang pangkalahatang publiko at epektibong pamumuno sa pagtaguyod ng pambansa.

Marami mga mananaliksik ang nagsasagawa ng pag-aaral, gaya ng pag-aaral ni Signey (2023) na pinamagatang " *Ideology and Political Discourse: A Critical Discourse Analysis of Ferdinand Marcos Jr.'s 2022 State of The Nation Address"* at "*Illocutionary Speech Acts Used by President Ferdinand Marcos Jr. during the 2022 and 2023 State of the Nation Address"* ni Agagon et al. (2024). Subalit isa sa mga pag-aaral na ito ay nakapokus lamang sa *Ideology and Political Discourse at Illocutionary Speech Acts a*t walang kaugnayan sa pagsusuri ng paggamit ng wika at retorika sa SONA. Dahil dito, nakikita ng pananaliksik ang pangangailangang maisagawa ang pag-aaral na tumutukoy sa pagsusuri ng paggamit ng wika at retorika sa *State of the Nation Address* (SONA) ni pangulo Ferdinand Marcos Jr.

Para mas mapakinabangan ang mga resulta ng pag-aaral na ito, plano ng mananaliksik na i-published ito sa *internet,* mga *aklatan*, at *journal.* Sa hinaharap, ipepresenta rin ng mananaliksik ang pananaliksik na ito sa mga kumperensya sa pananaliksik. Ang pananaliksik na ito ay magiging libre para sa mga mag-aaral na gustong magbasa at mangalap ng impormasyon tungkol sa pagsusuri sa paggamit ng wika at retorika sa SONA ng pangulo Ferdinand Marcos Jr. Ang silid-aklatan at ang opisina ng pananaliksik ng Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology ay bibigyan ng kopya upang masigurong mapakinabangan ng mga mag-aaral at guro ng institusyon ang pananaliksik na ito.

## II. LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Ang layunin ng kwalitatibong pag-aaral na ito ay naglalayong makagawa ng isang diskursong pag-aanalisa paggamit ng wika at retorika ng pamamaraan upang maunawaan at nagpapakita ng mga estratehiya ng wika at retorika ay hindi lamang nagbukas ng mga diskurso kundi nanging daan din ito sa mas malawak na pag-unawa at pagninilay-nilay sa mga isyu ng bansa.

Bukod pa rito, ang layunin ng pag-aaral na ito ay ilahad ang mga katangian pangwika at mga estratehiya ng persweysib nasa *State of the Nation Address* ng Pangulo. Susuriin ng pag-aaral ang SONA na ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanyang mga katangiang pangwika, istruktura at istilo ng pag-aaral ay nabuo at makakalap ng mahalaga at malalim na impormasyon sa SONA mula sa mapagkukunan tulad ng mga *website (Youtube at Google)* at iba pang maasahang mga transcript sa Pilipinas na nagbibigay ng maasahan at malinaw na impormasyon.

1.Anong mga karaniwang katangian ng lingguwistika na ginamit sa SONA ni Pangulo Ferdinand Marcos Jr.?

2. Anong mga estratehiya ng retorikal ang ginamit ni pangulo Ferdinand Marcos Jr. sa kanyang SONA upang manghikayat at bumuo ng koneksyon sa kanyang mga tagapakinig?

## III. PAMAMARAAN

Sa pananaliksik na ito, sinuri kung paano ginagamit ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ang wika at retorika sa kanyang mga *State of the Nation Address* (SONA) upang maiparating ang mga mensahe ng pamahalaan at maipakita ang kanyang imahe bilang lider ng bansa. Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong paraan na sinamahan ng pagsusuring batay sa korpus isang uri ng analisis na masinsinang tumitingin sa mga pattern ng wika sa malalaking tekstong pasalita o pasulat. Ayon kay Moajan (2018), ang kwalitatibong pananaliksik ay isang masusing uri ng pag-aaral na nakatuon sa kontekstuwal na pag-unawa sa mga karanasan, pananaw, at kahulugan ng mga indibidwal, grupo, o diskurso.

Ginamit bilang pangunahing sanggunian ang mga opisyal na transkripsyon at bidyo ng mga SONA noong Hulyo 2022 at 2023, at kung maaari, pati na rin ang sa 2024. Pinili ang mga ito dahil ang SONA ay isang makapangyarihang plataporma kung saan inilalatag ng Pangulo ang kanyang mga plano, pananaw, at panawagan sa publiko. Ang mga talumpating ito ay tinitingnan bilang mga tekstong pagsusuri, nakatuon ang kasalukuyang pag-aaral sa pagsusuri sa diskurso na gumagamit ng *corpus* linggwistika ni Baker (2006) kung saan ang pokus ay nakatuon sa mismong nilalaman ng wika sa anyong pasulat. Ginamit ang mga ito bilang bahagi ng isang *corpus* upang masistemang mapag-aralan ang mga lingguwistikong estruktura, at iba't ibang estratehiyang retorikal gamit ang mga *corpus-based* na kasangkapan.

Para mas lumalim ang pagsusuri, binalikan at ginamit ang mga ideya ni Edward Finegan (2008) sa pag-unawa sa anyo at gamit ng wika mula sa istruktura ng mga salita, kahulugan, hanggang sa pagkakabuo ng mga pangungusap. Sa kabilang banda, ginamit din ang pananaw ni Aristotle (1996) sa retorika, partikular ang ethos, pathos, at logos, upang makita kung paano humuhugot ng tiwala, damdamin, at lohika ang Pangulo sa kanyang mga pahayag.

Hindi isinama sa pagsusuri ang mga opinyon, reaksyon, o komentaryo mula sa ibang tao o institusyon upang mapanatili ang pokus sa mismong nilalaman ng mga talumpati. Sa kabuuan, layunin ng pananaliksik na ipakita

kung paanong ang wika kapag ginamit nang maingat at madiskarte ay nagiging isang makapangyarihang kasangkapan sa politika at pamumuno.

## IV. RESULTA

Unang Katanungan sa Pananaliksik: Anong mga karaniwang katangian ng lingguwistika na ginamit sa SONA ni Pangulo Ferdinand Marcos Jr.?

Sa bahaging ito ng manuskrito ay nakalimbag ang katangiang Morpolohikal sa mga opisyal na transkrip sa SONA mula Hulyo 25, 2022, kasunod noong Hulyo 24, 2023 at noong Hulyo 22, 2024. Ang mga talumpati ito ay tinitignan bilang pagsusuri ay nakatuon lamang sa mismong nilalaman ng wika sa anyo pasulat. Bukod dito, ang mga katangian ng lingguwistika na nakalap na kinakiktaan ng katangiang morpolohiya na mula sa awtor na si Fenigan (2008) na siyang nagsisilbing hanguan ng korpora ng pananaliksik.

Makikita sa Talahanayan 1 ang mga salitang mula sa SONA na sumailalim sa pagbabago ng kahulugan, na nagresulta sa pagbabago ng anyo at gamit ng salita. Ipinakita ng mga halimbawa ng ito kung paano ginamit ni Pangulong Marcos Jr. ang mga estratehiya sa morpolohiya upang maiparating ang mas epektibo ang kanyang mga mensahe at ipakita ang mga layunin ng kanyang administrasyon. Ipinapakita rin nito ang mahalagang papel ng morpolohiya sa pagbibigay-linaw, tono, at diin sa isang pampulitika ng talumpati.

Ang talahanayan na ito, nagaganap ang maramihang proseso kapag ang pagbuo ng bagong salita ay kinabibilangan ng ilang uri ng proseso ng pagbuo ng salita. Ito rin ang paraan ng paglikha o pagbabago ng mga umiiral na salita o sa pamamagitan ng ganap na inobasyon. Sa SONA, makikita rin ang paggamit ng maramihang proseso na ginagawa ng isang talumpati.

**Talahanayan 1**

**Mga Uri sa Pagbuo ng sa SONA ni Pangulo Ferdinand Marcos Jr.**

| Uri | Salita | Paglalarawan | Halimbawa Sipi |
|---|---|---|---|
| Paglalapi | Pagpapalakas | Pagpapalakas" ay nagmula sa ugat na "lakas", na nangangahulugang kapangyarihan o enerhiya. Nabuo ito gamit ang laguhang paglalapi: "pag-", "pa-", at hulaping "-an". Ipinapakita nito ang proseso ng pagpapaigting ng lakas bilang isang kilos o gawain. | "Ang ating layunin ay ang pagpapalakas ng sektor ng agrikultura upang matiyak ang seguridad ng pagkain" C-12 |
| | Makabagong | mabago" ay mula sa ugat na "bago" na nilapian ng "ma-", na nagpapakita ng kakayahang magbago. Samantalang ang "makabago" ay binubuo ng "ma-", "ka-", "bago", at "-ng". Ipinapakita nito ang pagiging moderno bilang isang katangian, kaya ginagamit ito bilang pang-uri. | Kailangan natin ng makabagong taguan ng mga hamon ng digital na panahon" C-03 |
| | Pagsasama-sama | "**pagsasama-sama"** ay mula sa ugat na "sama", na nangangahulugang | Ang pagsasama-sama ng iba't ibang sektor ay mahalaga upang makamit ang pambangsang kaunlaran" C-05 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | paglapit o pag-ipon. Nabuo ito sa pamamagitan ng paglalapi at reduplikasyon. Ipinapakita nito ang kolektibong kilos ng pagsasama ng mga tao o bagay | |
| | Nagkakaisa | Nagkakaisa" ay mula sa ugat na "isa", na ibig sabihin ay iisa o nagkakabuklod. Nabuo ito gamit ang panlaping "nag-" at reduplikasyon ng pantig na "ka". Ipinapakita nito ang sama-samang pagkilos o pagkakaroon ng iisang layunin. | Tayo ay isang nagkakaisang bansa na handang harapin ang anumang hamon ". C-08 |
| Tambalan Pinaghalo | Balik-sciencetist | Balik + Scientist | "44 na Filipino Scientist and bumalik sa bansa sa ilalim ng Balik- Scientist Program " C- 16 |
| | E- Learning | Electronic + Learning | "Dati hindi naman natin alam na pwede pala yung blended Learning, pwede pala yong online learning,pwede pala iyong distance learning " C- 25 |
| | Infomercial | Information + commercial | Ang paggamit ng mga infomercial ay bahagi ng kampanya ng pamahalaan sa pagbibigay-kaalaman sa publiko" C- 30 |
| | Filipinnovation | Filipino + innovation | Ang Filipinnovation at Malikhaing Pinoy Programs ay inilunsad upang hikayatin ang inobasyon" C- 21 |
| Inisyalismo | PIFITA | P + I + F + I + T + A | Layunin ng PIFITA o Passive Income and Financial Intermediary Taxation Act na ayusin ang buwis sa kita mula sa kapital at mga serbisyong pinansyal. Nilalayon nitong gawing mas simple, patas, episyente, at hindi makabawas sa kita ng pamahalaan ang sistema ng pagbubuwis." C-01 |
| | | 4 + P + s | Sa aking ikatlong State of the Nation Address (SONA), binigyang-diin ko ang mga nagawa ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) sa pagtulong sa mga mahihirap na pamilya upang maging sapat sa sarili at mapabuti ang kalidad ng kanilang buhay" C- 07 |
| | | N + G + R + P | Inatasan ko ang Department of Budget and Management na agad ipatupad ang National Government Rightsizing Program" C- 09 |
| | | M + R + C | Ang Medical Reserve Corps (MRC) ay bubuuin ng mga doktor, lisensyadong mag-aaral ng medisina na nakatapos ng apat na taon ng kurso, mga nagtapos ng |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | medisina, rehistradong nars, at lisensyadong allied health professionals" C- 04 |
| | | L + D + f | Ang Pilipinas ay napiling maging punong-abala ng Loss and Damage Fund (LDF) Board na itinatag sa United Nations climate summit sa Dubai upang tumulong sa mga bansang apektado ng sakunang dulot ng pagbabago ng klima".C- 06 |
| | | B + I + D + A | Noong nakaraang taon, inilunsad natin ang Buhay Ingatan, Droga'y Ayawan o BIDA Program, at nagdagdag ng 102 Balay Silangan na nagsisilbing Balay Reformation Centers sa buong bansa" C-10 |
| | | M + A + T + A + T + A + G | Inilunsad ang MATATAG Agenda na nakatuon sa pagiging makabuluhan ng kurikulum, mabilis at epektibong paghahatid ng edukasyon, at kapakanan ng mga mag-aaral at guro" C- 14 |
| | | P + O + G + O | "Iniuutos ko sa PAGCOR na ihinto at tapusin na ang operasyon ng mga POGO bago matapos ang taon" C- 11 |
| | | B + B + M | "Ipagpapatuloy natin ang Build, Build, Build. Magtatayo tayo nang mas maganda at mas marami" C – 18 |
| Pagkakaltas | Balikadan | Balik + Kapatid | "Ang ating pulisya, militar, at coast guard ay patuloy na pinapalakas ang kanilang kakayahan at ina-upgrade ang kanilang mga kagamitan upang mas mahusay nilang mapanatili ang kapayapaan at maprotektahan ang ating teritoryo." C- 29 , |
| | Bayanihan | Bayan + anihan | "Sa lahat ng ating ginagawa, ang walang hanggang katangiang Filipino na Bayanihan ang magsisilbi pa rin nating gabay." C- 27 |
| | Kadiwa | Kasama + diwa | Marcos ukol sa Kadiwa: Ang ating layunin ay palakasin ang lokal na agrikultura sa pamamagitan ng modernisasyon, mekanisasyon, pagpapabuti ng konsolidasyon ng produksyon, at pagpapahusay ng value chain na sinusuportahan ng maagap at wasto ang takdang pag-angkat, kung kinakailangan." C- 35 |
| | | Sa dating kahulugan, ang "green lane" ay tumutukoy sa mabilis na daanan sa customs para sa mga pasaherong walang deklarasyon. Sa SONA 2024, ginamit ito bilang simbolo ng pinabilis na proseso para sa | "Bilang resulta, humigit-kumulang isandaang proyekto na ang nabigyan ng green lane certification, na may kabuuang pamumuhunan na tinatayang tatlong trilyong piso sa mga sektor ng renewable energy, digital infrastructure, seguridad sa pagkain, at pagmamanupaktura" C- 19 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | mga malalaking proyekto. Partikular itong tumutukoy sa mga pamumuhunang may mataas na halaga sa renewable energy at digital | |
| | Food Poor | Ang terminong ito sa ekonomiya ay tumutukoy sa mga taong hirap matustusan ang kanilang pang-araw-araw na pagkain. Sa SONA 2023, ito ang mga tinukoy bilang benepisyaryo ng Food Stamp Program. Layunin ng programang ito na labanan ang kagutuman at malnutrisyon sa mga pinaka nangangailangan. | "Ipinakilala namin ang pilotong Food Stamp Program (FSP) na layuning tugunan ang pangangailangan sa nutrisyon ng milyong Pilipinong pinaka-nagugutom" C- 33 |
| | Reintegration | Ang muling pagsasama sa lipunan ay tumutukoy sa pagbibigay-suporta sa mga dating bilanggo, rebelde, at ngayon ay pinalawak na rin sa mga OFW na nagbalik-bansa upang muling makapagsimula ng buhay at kabuhayan dito. | "Nagtatatag rin tayo ng epektibong mekanismo para sa kapakanang panlipunan, repatriasyon, at muling pagbangon ng ating mga nagbabalik na OFW sa ekonomiya ng Pilipinas" C- 28 |
| | Kunsulta *Package* | Ang konsultasyon ay ang pagbibigay ng payo o gabay mula sa isang eksperto, kadalasang medikal. Sa SONA 2022, ito'y tumutukoy sa programa ng PhilHealth na nagbibigay ng libreng gamot at | "Sa pinagandang Konsulta Package ng PhilHealth, dalawampu't isang klase ng mga gamot at labing tatlong at laboratory services ang ibibigay ng libre". C-33 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | laboratoryo para sa mga miyembro. | |

**Pagpapalakas.** Sa pagbuo ng salita ang pagpapalakas ay mula sa salitang-ugat na “kas” o “kasama”, na nilagyan ng panlaping “pagpalakas”, na maaaring tumutukoy sa pagkakasundo o pagkakahanay ng mga layunin o direksyon. Ang istruktura nito ay pag-pa-ka- + kas (ugat) na ang kahulugan ay tumutukoy sa maayos na pagkakaiba o pagsunod-sunod ng mga hakbang, plano, o mithiin.

**Makabagong**. Sa pagbuo ng salita ang makabagong ay hango sa ugat na “bago” na nilapian ng “maka-“ at “-ng” bilang panuring. Ang istruktura nito ay maka- + bago + -ng na may kahulugan na tumatalakay ito sa isang bagay na modemo, napapanahon, o may bagong anyo o pananaw.

Pagsasama-sama. Sa pagbuo ng salita mula sa ugat na “sama” na inuulit at nilapian ng pag- at sa-, nagpapahiwatig ng proseso ng kolektibong pagkilos o pagtitipon. Ang istruktura nito ay pag-+sa- + sama + sama (inuulit) na may kahulugan na ipinapahiwatig nito ang kolektibong pagkilos o pagtutulungan ng maraming tao.

**Nagkakaisa**. Sa pagbuo ng salita na nagmula sa salitang ugat na “isa”, nilapian ng nagka-at-a, na nagpapahiwatig ng panahon o aspeto ng pagkakaisa. Ang istruktura nito ay nagka- + isa + -a na may kahulugan na ipinapakita nito ang estado ng pagkakaisa o pagkakaroon ng isang layunin.

Makikita ang iba’t ibang proseso ng pagbuo ng salita na lumitaw sa pagsusuri ng SONA, partikular na ang pinaghalong salita o blending at ang tambalang salita o compounding. Ang blending ay tumutukoy sa pagsasanib ng simula ng isang salita at hulihan ng isa pang salita upang makabuo ng bagong salita na may sariling kahulugan. Sa proseso ng blending, ang susunod na tunog o ponema ng isang salita ay nagiging bahagi ng mismong bagong anyo ng salita. Samantala, ang compounding naman ang itinuturing na pinakapopular na paraan ng pagbuo ng salita sa Ingles. Ito ay ang pagsasanib ng dalawang magkahiwalay na salita upang makabuo ng isang anyo na maaaring isulat bilang isang salitang buo, may gitling, o magkahiwalay na mga salita. Ang mga pagbuo ng tambalang salita na ito ay makikita rin sa komunidad ng wikang ginagamit sa internet, na nagpapakita ng dinamiko at malikhaing paggamit ng wika sa mga modernong diskurso tulad ng SONA.

**Balik-Scientist.** Ang salitang balik-scientist ay tambalang salita na binubuo ng “balik” (na nangangahulugang “bumalik”) at “scientist” (siyentipiko). Ito ay isang halimbawa ng tambalang salita na may gitling (hyphenated compound word). Ang layunin nito ay hikayatin ang mga Pilipinong siyentipiko na nag-aaral o pagtatrabaho sa ibang bansa na bumalik at maglingkod sa bansa sa larangan ng agham at teknolohiya.

***E-learning. (Electronic + leaming)*** ay bahagi ng reporma sa edukasyon, lalo na sa panahon ng pandemya, upang matiyak ang patuloy na pagtuturo gamit ang mga digital na plataporma.

Infomercial. (Information + commercial) ay ginagamit bilang mabisang paraan ng pamahalaan sa pagbibigay-kaalaman sa publiko tungkol sa mga programa at serbisyo na ipinapatupad.

*Filipinnovation. (Filipino + innovation)* ay tumutukoy sa pagsusulong ng lokal na inobasyon bilang bahagi ng pambansang kaunlaran, kung saan hinikayat ang paggamit ng agham at teknolohiya upang lumikha ng mga solusyon na angkop sa mga Pilipino.

Batay sa pagsusuri ng mga korpora na ginamit sa pagtukoy ng mga morpolohikal na padron sa SONA, lumitaw na ang inisyalismo ang pinakapangingibabaw na uri ng pagbubuo ng salita. Sa madaling sabi, ang mga terminong ito ay pinaikling anyo ng mga salita o parirala na mas madali at maginhawang gamitin, lalo na kung madalas inuulit sa isang diskurso. Binibigkas ang mga ito bilang magkakasunod na titik. Kabilang sa mga halimbawa ng mga inisyalismong ito ang mga sumusunod. Kaugnay nito, masusuri rin kung paano nakatulong ang ganitong paraan sa pagiging mas episyente ng komunikasyon sa talumpati.

PIFITA. (**Passive Income and Financial Intermediary Taxation Act**) ay bahagi ng Comprehensive Tax Reform Program na layuning gawing mas simple, patas, at episyente ang pagbubuwis sa mga passive income at financial services, upang makahikayat ng mas maraming mamumuhunan.

4Ps. (Pantawid Pamilyang Pilipino Program) ay patuloy na kinikilala bilang pangunahing programa ng pamahalaan sa pagbibigay ng tulong pinansyal sa mga mahihirap na pamilya kapalit ng edukasyon at kalusugan ng kanilang mga anak, na bahagi ng mas malawak na adhikain laban sa kahirapan.

***NGRP. (National Government Rightsizing Program)*** ay panukala upang gawing mas episyente ang burukrasya sa pamamagitan ng pagbabawas ng mga hindi kinakailangang ahensya at posisyon, at pagtutok sa performance-based na pamamahala.

***MRC. (Medical Reserve Corps)*** ay iminungkahi ng programang bubuo ng

Reserbang hanay ng mga mga propesyonal sa medisina na maaaring mabilis na tumugon sa mga kalamidad o pandemya, batay sa mga aral mula sa COVID-19.

***LDF. (Loss and Damage Fund)*** ay tumutukoy sa pandaigdigang pondo ng layong suportahan ang mga bansang lubhang apektado ng epekto ng climate change. Ipinahayag ni Pangulong Marcos Jr. ang suporta ng Pilipinas sa inisyatibong ito bilang bahagi ng global climate action.

Sa kabilang banda, lumitaw na ang akronim ay isang mahalagang morpolohikal na proseso na tumutugon **Makatarungan, Abot-kaya, at Tapat na Edukasyon)** ay adbokasiya ng administrasyon para sa mas inklusibo

at dekalidad na sistema ng edukasyon. Binigyang-diin sa SONA ang pangangailangang palakasin ang edukasyon sa pamamagitan ng mga reporma, modemisasyon, at suporta sa mga guro at mag-aaral.

***POGO. (Philippine Offshore Gaming Operators)*** ay isa sa mga sensitibong Isyung tinalakay, partikular sa epekto nito sa seguridad, ekonomiya, at moralidad ng lipunan. Binanggit ni Marcos Jr. ang patuloy na pagsusuri kung dapat pa bang pahintulutan ang operasyon ng mga POGO sa bansa, lalo na't may mga ulat ng kriminalidad at ilegal na aktibidad na kaugnay nito.

***BBM. (Build Better More)*** ay bersyon ni Marcos Jr. ng programang pang-imprastraktura, na layong palawakin at pag-ibayuhin ang mga proyekto ng nakaraang administrasyon. Tumutok ito sa pagtatayo ng mas maraming kalsada, tulay, paliparan, daungan, at iba pang estruktura para sa pambansang kaunlaran.

Sa pagbabagayan ng talahanayan ang paggamit ng pagkakaltas ng salita ay limitado lamang sa wika ng internet, lalo na sa konteksto ng Pilipinas. Ang pagkakaltas ay ang pagpapaikli ng salita sa pamamagitan ng pagtanggal ng bahagi nito, na siyang bumabawas sa elemento na makikita sa proseso ng pagbuo ng tambalang salita.

Balikatan. Ang pinagmulan salita ay balik kapatid-an sa salitang ito, ang "kapatid" ay kinaltasan upang maging "katan." Ipinahihiwatig dito ang diwa ng pagkakapatiran at pagtutulungan.

**Bayanihan**. Ang pinagmulan ng salitang bayanihan ay: bayan + anihan. Dito, ang "anihan" (mula sa ugat na "ani" o anihan bilang lugar ng pagtutulungan) ay kinaitasan upang bumuo ng isang makabagong salita. Ang "bayanihan ay nangangahulugang pagtutulungan ng magkakapitbahay o mamamayan para sa isang layunin.

**Kadiwa**. Ang pinagmulang salita: kasama + diwa. Sa salitang ito, ang bahagi ng "kasama" ay kinaltasan, na nagresulta sa pagsasanib ng "ka-" (mula sa kasama) at "diwa." Ipinapahiwatig ng "kadiwa ang pagkakaisa sa isang diwa o layunin, at sa modernong gamit, ito ay pangalan ng isang programang nagtutulak ng mga lokal na produkto sa mamimili.

Batay sa ipinapakitang datos sa pag-aaral ng pagbabagong semantiko o pagbabago ng kahulugan, hindi tumutukoy ito sa paglikha ng bagong salita kundi sa mga umiiral na salitang nagkakaroon ng panibagong kahulugan o higit na nakikilala matapos ang SONA. Dahil ginagamit ang wika bilang kasangkapan sa pakikipag-ugnayan sa iba't ibang grupo gaya ng sosyolek, subwika, at mga partikular na larangan ng diskurso—nagkakaroon ng pagkakataon ang ilang salita na baguhin ang kanilang gamit at umangkop sa mas malawak na usapin.

Kaugnay nito, nagaganap ang pagbabago ng kahulugan sa pamamagitan ng polysemiya, na nangangahulugang ang isang salita ay nagtataglay ng higit sa isang kahulugan at tinatawag na mga salitang polysemiko. Mayroon itong dalawang anyo: ang pagpapalawak ng kahulugan, kung saan ginagamit ang salita sa mas maraming sitwasyon o konteksto; at ang espesyalisasyon, na naglilimita sa paggamit ng salita at nagtatakda ng mas tiyak na konteksto kung saan ito naaangkop.

***Green Lane.*** Pagbabago ng kahulugan na ang salitang green lane sa tradisyunal ay tumutukoy sa isang daan o ruta na may berde o natural na tanawin. Sa konteksto ng SONA, nagkaroon ito ng bagong kahulugan bilang isang priyoridad na ruta o proseso para sa mabilisang pag-apruba, biyahe, o pagproseso, lalo na sa mga proyekto, negosyo, o bakuna na may kinalaman sa pagbangon mula sa pandemya.

***Food Poor.*** Sa pagbabago ng Kahulugan ang food poor ay mahirap na sektor ng lipunan na may kalakip na seguridad sa pagkain a SONA, ito ay nagpapahiwatig ng mga programang nagbibigay tulong sa mga mahihirap upang matiyak na hindi sila magugutom habang muling nakikisapi sa ekonomiya o lipunan

Reintegration. Sa pagbabago ng kahulugan ang reintegration ay tumutukoy sa proseso ng muling pagsasama o pagbabalik-loob ng mga indibidwal. Sa konteksto ng SONA ni Pangulo Marcos Jr. ang kahulugan nito ay lumawal upang sumaklaw sa muling pagsasama ng mga mahihirap at apektadong ng mga kalamidad sa pangunahing sistema ng ekonomiya at lipunan. Kasama dito ang mga programa para matulungan silang magkaroon ng seguridad sa pagkain, trabaho, at serbisyong panlipunan.

Konsulta Package. Ang pagbabago ng kahulugan sa salita ay bagong terminong
Ginagamit sa SOMA na tumutukoy sa isang komprehensibong serbisyo.

Sa ganitong pagtingin, ang sintaks o sintaktikong katangian ay nagiging mahalagang batayan ng pagiging epektibo ng komunikasyon, tulad ng masasalamin sa SONA ni Pangulong Marcos Jr. Bilang karagdagan, sa pamamagitan ng masinop na pag-aayos ng mga salita, parirala, at sugnay sa loob ng isang pangungusap, nabubuo ang lohikal na daloy ng ideya at malinaw na naihahatid ang mensahe sa madla.

Higit pa rito, ang paggamit ng iba't ibang uri ng pangungusap batay sa estruktura payak, tambalan, hugnayan, at tambalang-hugnayan ay nakatutulong hindi lamang sa pagpapayaman ng porma ng diskurso kundi pati na rin sa paglikha ng emosyonal na apela at retorikal na diin ng talumpati.

Kaugnay nito, layunin ng pag-aaral na ito na suriin kung paano ginagamit ang mga pagpiling sintaktik sa SONA at kung paano ito nagiging instrumento sa pagbibigay-diin sa mahahalagang punto, sa pagbuo ng koneksyon sa mga tagapakinig, at sa pagpapalakas ng panghihikayat sa kontekstong politikal.

Bukod dito, ang masusing pagtingin sa sintaktikong estruktura ay naglalantad ng mga estratehiya ng isang lider sa pagbibigay-diin at pagbibigay-kapangyarihan sa kanyang mga ideya .

Sa gayon, higit na nauunawaan ang tungkulin ng sintaks sa pagbibigay ng kapangyarihan sa mga lider upang maimpluwensyahan ang pananaw at damdamin ng kanilang tagapakinig.

Bilang bahagi ng pagsusuri sa diskurso, naipapakita ng pag-aaral na ang estruktural na aspeto ng wika ay hindi lamang teknikal na bahagi ng pangungusap kundi isang makapangyarihang sangkap ng mabisa at makataong pamumuno. Samakatwid, ang pagsusuri sa mga katangiang ito ay nagiging daan upang masuri ang ugnayan ng anyo at nilalaman sa diskursong politikal.

Lumilinaw na ang maingat na pagpili ng sintaktikong anyo ay may direktang epekto sa pagbuo ng pananaw ng publiko at sa bisa ng panghihikayat ng isang lider.

**Talahanayan 2**
**Sintatikong Estruktura sa SONA**

| Uri | Halimbawa | Layunin |
|---|---|---|
| Payak na pangungusap | Tayo’y namumuhay sa mahirap na panahon na dulot ng ilan sa ating sariling gawa, at ng mga puwersang hindi natin kayang kontrolin.” C- 49 | Pagpapabatid o paglalarawan ng realidad |
| | “Ang mga dating rebelde ay ngayon ay namumuhay ng tahimik at produktibo sa kanilang mga komunidad." C- 31 | Pagbibigay-impormasyon o pag-uulat ng resulta. |
| | “Ang mga paaralan ay nagsisilbing pangunahing tagapagtangkilik ng makabago at malikhaing lakas ng lahat ng Pilipino.”C – 47 | Pagpapahalaga o pagbibigay-diin sa isang institusyon. |
| Tambalang Pangungusap | Magsisilbi tayong mabuting kapitbahay, laging naghahanap ng paraan upang makipagtulungan at makipagkaisa tungo sa layuning kapwa kapakinabangan para sa lahat.” C- 32 | Pakikipagkapwa, kooperasyon, at mutual na pag-unlad |
| | “Ipinagmamalaki natin ang mga naging hakbang ng BARMM, at ito’y magiging may sariling pamahalaan, maunlad, at epektibo.” C- 50 | Pagtitiyak at pagpapahayag ng tiwala sa kakayahan |
| | Ipapatupad ang mga reporma sa pamamahala ng buwis upang mapataas ang pangongolekta ng kita, at paiigtingin ang kahusayan sa paggasta upang agad matugunan ang mga pangangailangan.” C- 33 | Pagpapatibay ng kredibilidad at pananagutan sa pamahalaan |
| Hugnayang Pangungusap | “Kailangan natin ang makagong solusyon upang tugunan ang mga hamon ng digital na panahon”. C- 48 | Hikayatin ang aksyon at ipakita ang pangangailangan ng pagbabago o inobasyon |
| | “Isinama namin ang pagpapaunlad ng kakayahan at mga programang panlipunang proteksyon sa aming mga programa sa reintegrasyon | Hikayatin ang aksyon o pagbabago |

| | | |
|---|---|---|
| | upang matiyak ang ganap na pagbabalik-loob ng mga dating combatant." C- 46 | |
| Tambalang -Hugnayang Pangungusap | Bagamat maganda ang mga istatistikang ito, wala itong kabuluhan sa ating kababayan na hinaharap ang realidai na mataas ang presyo ng mga bilihin, lalo na ang pagkain lalo at higit, ng bigas".C-51 | Pangganyak at pagpapakilos ng emosyon |
| | "Sa kabila ng mga hamon na ating kinakaharap, nasaksihan natin ang pinakamataas na ani ng palay sa bansa noong nakalipas na taon, at patuloy nating sinusuportahan ang sektor ng agrikultura upang mapabilis ang Produksyon".C-34 | Panghihikayat at pagpapalakas ng tiwala |

Sa talahanayan ito, ang payak na pangungusap sa konteksto ng sintaktikong katangian ay binubuo ng isang sugnay na makapag-iisa at nagtataglay ng iisang diwa o kaisipan. Ipinapakita nito ang simple ngunit malinaw na kayarian ng pangungusap na hindi nangangailangan ng karagdagang sugnay upang mabuo ang kahulugan. Sa talahanayan ng pag-aaral na ito, makikita ang mga payak na pangungusap na nabuo sa pamamagitan ng iba't ibang proseso tulad ng paggamit ng panlapi, pag-uulit, at pagtatambal. Sa ganitong anyo, nagiging epektibong daluyan ito ng tuwirang impormasyon at pangunahing ideya sa mga diskurso ng pamahalaan. Narito ang paglalarawan ng mga pangungusap na payak.

"Tayo'y namumuhay sa mahirap na panahon na dulot ng
ilan sa ating sariling gawa, at ng mga puwersang hindi natin kayang kontrolin." C- 49

Ang pangungusap na ito ay nagpapahayag may iisang diwa ang paglalarawan sa kalagayan ng lipunan sa harap ng mga pagsubok. Bagama't may mga sugnay at parirala na nagpapaliwanag ng sanhi ng kahirapan, nananatiling payak ang estruktura nito sapagkat ang pangunahing ideya ay umiikot lamang sa pamumuhay ng tao sa mahirap na panahon. Ang layunin ng pahayag ay magbigay ng malinaw na impormasyon tungkol sa pinagmumulan ng suliranin, at sa gayon ay maipabatid sa madla ang katotohanan ng sitwasyon upang magbigay-diin sa pangangailangang kumilos at magkaisa ang lahat.

"Ang mga dating rebelde ay ngayon ay namumuhay ng tahimik at produktibo sa kanilang mga komunidad." (C-31)

Samantala, Ipinababatid ng payak na pangungusap mula sa sipi na ang naging bunga ng mga hakbangin o pangyayari na ang mga dating rebelde ay matagumpay na nagbagong-buhay at naging kapaki-pakinabang na bahagi ng kanilang komunidad. Layunin nitong ipaalam ang positibong pagbabagong naganap sa kanilang pamumuhay at pagbibigay-impormasyon o pag-uulat ng resulta.

"Ang mga paaralan ay nagsisilbing pangunahing tagapagtangkilik ng makabago at malikhaing lakas ng lahat ng Pilipino." (C-47)

Sa kabilang dako, sa sipi ito ay pagbibigay-impormasyon. Ipinapakita nito ang mahalagang papel ng paaralan sa pagtataguyod ng pagkamalikhain at pagbabago sa lipunan. Napabilang ito sa payak na pangungusap dahil nagpapahayag ito ng iisang buong kaisipan. Wala itong katambal o pantulong na sugnay, at ang mga pariralang kasunod ay pantulong lang na detalye. Layunin nito ay pagpapahalaga o pagbibigay-diin sa isang institusyon.

Sa kabuuan, ang tatlong pangungusap na ito ay maituturing na payak sapagkat bawat isa ay may iisa lamang na pangunahing diwa, iisa ang paksa, at iisa ang panaguri. Ang mga karagdagang parirala at panuring ay tumutulong lamang upang palawakin at linawin ang impormasyon, subalit hindi ito nagdaragdag ng hiwalay na sugnay na maaaring magresulta sa tambalan o hugnayang anyo.

Sa konteksto ng pag-aaral na ito, ang tambalang pangungusap ay nagpapakita ng sintaktikong katangian ng wika na naglalahad ng dalawang magkaugnay at pantay na mahalagang diwa sa loob ng isang pahayag. Binubuo ito ng dalawang sugnay na kapwa makapag-iisa at pinag-uugnay ng pangatnig upang maipakita ang lohikal na relasyon ng mga ideya. Sa talumpati at opisyal na pahayag, tulad ng sa SONA, makikita ang paggamit ng tambalang pangungusap upang mapayaman ang organisasyon at kasiningan ng diskurso. Sa ganitong paraan, higit na naipapahayag ang kolektibong layunin at mga konkretong hakbang ng pamahalaan sa mas

malinaw at maayos na anyo. Ang mga halimbawa sa ibaba ay naglalarawan kung paano ito nagiging mahalagang kasangkapan sa pagbubuo ng mensaheng pampubliko.

"Magsisilbi tayong mabuting kapitbahay, laging naghahanap ng paraan upang makipagtulungan at makipagkaisa tungo sa layuning kapwa kapakinabangan para sa lahat." C- 32

Sa pahayag na ito, ang layunin ng tambalang pangungusap sa siping ito ay magpahayag ng paninindigan sa pagiging mabuting kapitbahay at pagkilos tungo sa kapakinabangan ng lahat. Itinatampok nito ang kahalagahan ng pakikipagtulungan at pagkakaisa sa lipunan. Nabibilang ito sa tambalang pangungusap dahil binubuo ito ng dalawang buong sugnay na may kanya-kanyang diwa na pinag-ugnay. Ang bawat sugnay ay maaaring tumayo nang mag-isa ngunit magkakaugnay upang maghatid ng iisang mensahe.

"Ipinagmamalaki natin ang mga naging hakbang ng BARMM, at ito'y magiging may sariling pamahalaan, maunlad, at epektibo." C- 50

Sa halimbawang sipi na ito, ang layunin ng tambalang pangungusap ay magpahayag ng matatag na paninindigan sa pagiging mabuting kapitbahay at sa sama-samang pagkilos para sa kapakinabangan ng nakararami. Binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng pakikipagtulungan at pagkakaisa bilang saligan ng maayos at maunlad na lipunan. Maituturing itong tambalang pangungusap sapagkat binubuo ito ng dalawang buong sugnay na kapwa may ganap na diwa, na pinag-ugnay upang maghatid ng iisang mensahe ng kolektibong pananagutan at pag-unlad.

"Ipapatupad ang mga reporma sa pamamahala ng buwis upang mapataas ang pangongolekta ng kita, at paiigtingin ang kahusayan sa paggasta upang agad matugunan ang mga pangangailangan." C- 33

Dagdag pa, ang magpahayag ng konkretong plano ng pamahalaan sa dalawang mahalagang aspeto: ang pagpapatupad ng mga reporma sa buwis at ang pagpapabuti ng kahusayan sa paggasta ang layunin ng sipi ito at ipinapakita ang sabayang pagkilos upang makamit ang layunin ng mas maayos na pangongolekta ng kita at mabilis na pagtugon sa mga pangangailangan ng mamamayan. Nabibilang ang siping ito sa tambalang pangungusap dahil binubuo ito ng dalawang buong sugnay na may kani-kaniyang diwa at maaaring tumayo nang mag-isa, ngunit pinag-ugnay upang maghatid ng isang mas malawak at pinagsamang mensahe ng reporma at kahusayan sa pamahalaan.

Bilang buod, ang mga siping ito ay maituturing na tambalang pangungusap sapagkat binubuo ang mga ito ng dalawang buong sugnay na may kani-kaniyang diwa at layunin. Bagaman may kakayahan ang bawat sugnay na tumayo nang mag-isa, pinag-ugnay ang mga ito upang makabuo ng isang mas malawak, mas buo, at mas makabuluhang pahayag. Sa ganitong paraan, mas malinaw na naipapahayag ang kolektibong pananaw at konkretong mga hakbang ng pamahalaan at lipunan tungo sa pag-abot ng kapakanan ng nakararami. Ipinakikita rin nito ang bisa ng tambalang pangungusap bilang anyo ng diskurso na naglalahad ng sabayang adhikain at pagkilos para sa ikabubuti ng bayan.

Ang hugnayang pangungusap sa konteksto ng sintaktikong katangian ay binubuo ng isang sugnay na makapag-iisa at isa o higit pang sugnay na di-makapag-iisa. Sa mga pahayag ng pamahalaan, gaya ng sa SONA, ginagamit ito upang mailahad ang pangunahing ideya na pinapalalim ng mga pantulong na kaisipan. Sa ganitong paraan, mas nagiging malinaw at buo ang pagpapahayag ng mga layunin at konkretong hakbang para sa kapakanan ng bayan. Ipinapakita rin nito ang kakayahan ng wika na magsilbing daluyan ng masalimuot na diskurso sa pampublikong larangan.

"Kailangan natin ang makagong solusyon upang tugunan ang mga hamon ng digital na panahon". C-48

Sa pahayag na ito, ang layunin ng hugnayang pangungusap ay magpahayag ng pangunahing adhikain (ang pangangailangan sa solusyon) at ang tiyak na dahilan o layunin nito (upang tugunan ang mga hamon). Ipinapakita nito ang malinaw na ugnayan ng pangunahing kaisipan at pantulong na ideya sa pamamagitan ng subordinasyon.

"Isinama namin ang pagpapaunlad ng kakayahan at mga programang panlipunang proteksyon sa aming mga programa sa reintegrasyon upang matiyak ang ganap na pagbabalik-loob ng mga dating combatant." C- 46

Inilahad ang pangunahing aksyon at ang layuning nais nitong makamit. Sa hugnayang estruktura nito, mas naipapakita ang lohikal na ugnayan ng gawain at ng mithiin ng pamahalaan para sa kapayapaan at kaayusan.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga hugnayang pangungusap sa mga siping ito ang kahalagahan ng malinaw na ugnayan ng pangunahing ideya at pantulong na layunin sa diskurso ng pamahalaan. Sa pamamagitan nito, mas sistematiko at mas makabuluhan ang paglalahad ng mga programa at adhikain para sa kapakanan ng bayan.

Ang tambalan-hugnayang pangungusap sa sintaktikong katangian ay binubuo ng dalawa o higit pang sugnay na makapag-iisa at isa o higit pang sugnay na di-makapag-iisa. Sa konteksto ng pag-aaral na ito, makikita sa mga pahayag ng pamahalaan, tulad ng sa SONA, na ginagamit ang ganitong estruktura upang malinaw na maipahayag ang sabayang layunin at mga hakbangin, pati na rin ang mga tiyak na dahilan o kondisyon ng mga

ito. Sa ganitong paraan, nagiging mas sistematiko at lohikal ang pagbuo ng diskurso na naglalahad ng kolektibong pananaw at konkretong aksyon para sa kapakanan ng bayan.

"Bagamat maganda ang mga istatistikang ito, wala itong kabuluhan sa ating kababayan na hinaharap ang realidai na mataas ang presyo ng mga bilihin, lalo na ang pagkain lalo at higit, ng bigas".C-51

Ipinakita na ang tambalan-hugnayang pangungusap na gumagamit ng sugnay na makapag-iisa at sugnay na di-makapag-iisa, na pinag-ugnay ng pangatnig at pangatnig-paninsay. Ito ang kontrast ng maganda sanang datos at ng patuloy na suliranin ng mamamayan, kaya't lumilitaw ang lohikal na ugnayan ng magkaibang kaisipan sa isang masalimuot na estruktura.

"Sa kabila ng mga hamon na ating kinakaharap, nasaksihan natin ang pinakamataas na ani ng palay sa bansa noong nakalipas na taon, at patuloy nating sinusuportahan ang sektor ng agrikultura upang mapabilis ang Produksyon".C-34

Samantala,nagpapakita ng pagsasanib ng dalawang makapag-iisang sugnay at isang sugnay na di-makapag-iisa. Sa pamamagitan nito, naipapahayag ang kaugnayan ng pagsuporta ng pamahalaan sa agrikultura at ang inaasahang positibong bunga nito, habang kinikilala ang mga hamon na kinakaharap.

Pangkalahatan, ipinapakita ng mga tambalan-hugnayang pangungusap mula sa mga siping ito ang masalimuot ngunit sistematikong pagsasaayos ng mga ideya sa pampublikong diskurso. Sa pamamagitan ng pagsasanib ng mga makapag-iisa at di-makapag-iisang sugnay, nagiging mas malinaw ang ugnayan ng magkaibang pananaw, layunin, at pangyayari na nais ipabatid ng pamahalaan. Ito ay nagpapalalim sa kahulugan ng pahayag at nagpapakita ng kasiningan at lohika ng wika sa paglalahad ng mga isyu at solusyon sa lipunan.

**Tanong sa Pananaliksik 2: Anong mga estratehiyang retorika ang ginamit ni Pangulong Marcos Jr. sa kanyang SONA upang manghikayat at bumuo ng koneksyon sa kanyang mga tagapakinig?**

Upang masagot ang tanong na ito, ginamit sa pag-aaral ang balangkas ng mga kagamitang retorika ni Aristotle (1996), na naglalahad ng iba't ibang teknik ng panghihikayat. Partikular na nakatuon ang pananaliksik na ito sa tatlong pangunahing uri ng rhetorical appeals: ethos (etikal), logos (lohikal), at pathos (emosyonal).

Ang ethos ay tumutukoy sa pagtatatag ng kredibilidad o awtoridad ng tagapagsalita upang makamit ang tiwala ng madla.Ang logos ay nakatuon sa lohikal na pangangatwiran gamit ang mga datos, estadistika, at makatwirang argumento upang suportahan ang pangunahing punto.Samantala, ang pathos ay naglalayong pukawin ang damdamin ng tagapakinig upang makabuo ng simpatiya o agarang tugon sa mensahe ng tagapagsalita.

Sa paggamit ng balangkas na ito, sinuri sa pag-aaral ang mga elemento na retorikal sa mga State of the Nation Address (SONA) ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. Layunin ng pagsusuri na matukoy kung paano ginagamit ang wika upang hindi lamang maglahad ng mga programa at layunin ng pamahalaan, kundi upang manghikayat, magbuklod, at makaapekto sa sambayanang Pilipino. Sa pamamagitan ng pagsusuring ito, nakalap ang mahalagang pananaw ukol sa papel ng pampulitikang talumpati sa paghubog ng pananaw ng publiko, pagpapalakas ng ideolohiya, at pagbubuo ng pambansang naratibo sa pamamagitan ng masining na paggamit ng wika.

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang mga talumpati ng SONA ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na gumamit ng iba't ibang estratehiyang pampagpaniwala. Upang malinaw na maunawaan ang nilalaman, inilalahad sa unang kolum ang uri ng estratehiyang pampagpaniwala. Sa ikalawang kolum naman makikita ang tema, at sa ikatlong kolum ay ang "FM SONA," na kumakatawan sa mga State of the Nation Address ni Ferdinand Marcos Jr., kasunod ang mga bilang na nagsisilbing kodigo para sa bawat korpora o talumpati. Sa huling kolum naman, nakasaad ang tiyak na bahagi ng mga SONA kung saan ginamit at lumitaw ang bawat estratehiya, upang magsilbing gabay sa mabilis na pagtukoy at pagsusuri.

**Talahanayan 2**
**Mapanghikayat na Estratehiya na ginagamit sa SONA ni Ferdinand Marcos Jr.**

| Mapanghikayat na Estratehiya | Halimbawa Sipi | Analisis |
|---|---|---|
| **Logos** | *"Nag-post ang ating ekonomiya ng 7,6 percent growth noong 2022, ang pinakamataas na growth rate sa loob ng 46 na taon. Noong 2022, ang digital na ekonomiya ay nag-ambag ng 2 trillion pesos, katumbas ng 9.4 percent ng ating GDP"* ***C-51*** | Gumagamit ng eksaktong datos at istatistika (7.6% growth rate, 2 trillion pesos, 9.4% ng GDP).<br>Ang mga numerikal na impormasyon ay nagbibigay ng matibay na ebidensya upang ipakita ang paglago ng ekonomiya. |

| | | |
|---|---|---|
| | | Malinaw na nagpapakita ng epekto ng digital na ekonomiya sa kabuuang GDP ng bansa. |
| | *"Ang inflation rate ay gumagalaw sa tamang direksyon .Mula sa 8.7 porsyento noong enero ang atin inflation ay inaasahang bababa pa sa pagsasara ng tao at inaasahan 2.9 porsyento sa 2024"* ***C-53*** | Gumagamit ng eksaktong datos sa inflation rate (8.7% noong Enero, 2.9% sa 2024).<br>May lohikal na pangangatwiran na ang pagbaba ng inflation ay isang positibong indikasyon sa ekonomiya.<br>Ang prediksyon para sa 2024 ay batay sa makatwirang pagsusuri ng datos. |
| | *"Mas malakas ang ekonomiya ngayon kay noong 2022. Nakakita tayo ng paglago sa unang kwarter ng taong ito na higit pa sa inaasahan. Patungo na tayo sa paggamit ng ating mga target sa paglago para sa 2023"* ***C-52*** | Gumagamit ito ng pahayag na lohikal may pagkukumpara ng ekonomiya sa nakaraan at kasalukuyan.<br>Sinusuportahan nito ang ideya na ang ekonomiya ay lumalago batay sa nakitang pag-unlad sa unang kwarter ng taon.<br>Gayunpaman, walang eksaktong numero o datos na nagbibigay ng matibay na ebidensya sa pahayag. |
| | *Ang ating mikro,maliit at katamtamang laki ng negosyo o MSME's ay bumubuo ng 99% ng lahat ng negosyo sa bansang ito.Lumilikha sila ng higit sa kalahati ng ating ekonomiya "* ***C-54*** | Gumagamit ng konkretong datos (99% ng lahat ng negosyo).<br>May lohikal na paliwanag na ang MSMEs ay may mahalagang papel sa ekonomiya dahil sila ay lumilikha ng higit sa kalahati ng kabuuang ekonomiya.<br>Ang paggamit ng numerikal na impormasyon ay nagpapatibay sa argumento. |
| **Pathos** | *"Hindi natin pababayaan ang ating mga manggagawa .Sila ang tunay na lakas ng ating ekonomiya. Siguraduhin natin na may sapat na oportunidad para sa kanila ,disenteng trabaho ,at makatarungang sahod"* ***C-55*** | Ginagamit nito ang emosyon ng malasakit at pagpapahalaga sa mga manggagawa.<br>Ang paggamit ng salitang "hindi natin pababayaan" ay nagbibigay ng damdamin ng seguridad at pangangalaga.<br>Ang pagbanggit sa "disenteng trabaho at makatarungang sahod" ay isang makataong panawagan na nagbibigay ng pag-asa sa mga manggagawa. |
| | *"Gugugulin natin ang lahat ng ating makakya upang palakasin ang sektor ng agrikultura .Hindi lamang ito tungkol sa pagkain sa ating ,mga hapag -kainan ,kungdi tungkol din sa kabuhayan ng ating mga magsasaka at mangingisda"* ***C-56*** | Ginagamit nito ang emosyon ng malasakit sa sektor ng agrikultura at mga magsasaka.<br>Ang pagbanggit sa "hapag-kainan" ay nagpaparamdam ng kaugnayan sa bawat pamilya, na ginagawang personal ang usapin ng agrikultura.<br>Ang pagsasabing "kabuhayan ng ating mga magsasaka at mangingisda" ay nagbibigay-diin sa halaga ng kanilang trabaho at pangangailangan para sa suporta. |
| | *"Ang edukasyon ang susi sa ating kinabukasan .Dapat nating tiyakin na ang bawat bata, anuman ang kanilang pinanggalingan pamilya,ay may pagkakataong makapag-aral at makamit ang kanilang mga pangarap"* ***C-57*** | Ginagamit nito ang emosyon ng pag-asa at pangarap para sa mga bata.<br>Ang pahayag na "anuman ang kanilang pinanggalingan pamilya" ay nagpapakita ng malasakit sa lahat ng bata, lalo na sa mga mahihirap.<br>Ang pagsasabing "makamit ang kanilang mga pangarap" ay isang matinding emosyonal na panawagan na nagpaparamdam ng inspirasyon. |

| | | |
|---|---|---|
| | *"Sa ating pagkakaisa,walang imposible. Sama-sama nating harapin ang mga hamon at abutin ang ating mga pangarap para sa isang mas magandang pilipinas"**C-58*** | Ginagamit nito ang emosyon ng inspirasyon at pagkakaisa.<br><br>Ang pahayag na "walang imposible" ay nagbibigay ng lakas ng loob at positibong pananaw.<br>Ang "sama-sama nating harapin ang mga hamon" ay isang panawagan sa bayan na magtulungan para sa mas magandang kinabukasan. |
| **Ethos** | *"Lubos kong nauunawaan na na ang pagbibigay ng pagkain ay hindi lamang paggawa nito. Maraming hakbang ang dapat gawin, at pinag-aralan namin ang bawat hakbang na ito."**C-59*** | Ipinapakita ng nagsasalita na may sapat siyang kaalaman at pag-unawa sa proseso ng pagbibigay ng pagkain.<br>Ang pahayag na "pinag-aralan namin ang bawat hakbang" ay nagpapakita ng awtoridad at kredibilidad, dahil pinapakita nito na ang desisyon ay batay sa masusing pagsusuri. |
| | *"Isinasakatuparan natin ang maging moderno at tumutulong sa pangangailangan ang Philippine Coast Guard"**C-60*** | Ipinapakita nito na may awtoridad at kakayahan ang nagsasalita na gawing moderno ang Philippine Coast Guard.<br><br>Ang paggamit ng salitang "isinasakatuparan natin" ay nagpapakita ng komitment at responsibilidad sa pagpapabuti ng institusyon.<br>Gumagamit ng ethos dahil sa pagpapakita ng awtoridad sa reporma at modernisasyon ng Philippine Coast Guard. |
| | *"Ang malakas na pagbangon ng ating ekonomiya mula sa pandemya ay kabilang sa pinakamataas sa ating rehiyon"C-61* | Ipinapakita nito ang kredibilidad ng gobyerno sa pagpapalakas ng ekonomiya.<br>Ang paggamit ng nasusukat na datos ("kabilang sa pinakamataas sa ating rehiyon") ay nagbibigay ng legitimidad at tiwala sa pahayag.<br>Gumagamit ng ethos dahil sa pagpapakita ng tagumpay sa ekonomiya gamit ang comparative data. |
| | · *"Naisagawa na namin ang mahahalagang reporma upang maibsan ang hirap sa pagbabayad ng buwis"**C-62*** | Ipinapakita nito ang moral na responsibilidad at kakayahan ng gobyerno sa paggawa ng reporma.<br>Ang paggamit ng salitang "ginagawa na namin" ay nagpapakita ng aktibong aksyon at pananagutan.<br>Gumagamit ng ethos dahil sa pagpapakita ng responsibilidad sa paggawa ng mahahalagang reporma. |

**Lohikal na Pangganyak.** Ang unang estratehiya ng panghihikayat na matatagpuan sa SONA ni Ferdinand Marcos Jr. ay ang logos o lohikal na pangganyak. Ang logos ay isang estratehiyang nakatuon sa maka-rasiyong pagdulog at sa panghihikayat gamit ang mga ebidensya o mga malinaw na katibayan na inilahad mismo ng tagapagsalita. Nalalaman ang paggamit ng logos sa pamamagitan ng mga katwiran, pagbibigay ng mga pahayag, datos, ebidensya, at mga halimbawa. Kailangang ang lohikal na panghihikayat ay nakabatay sa matibay na lohika, sapagkat kung hindi, mabilis itong mawawalan ng saysay at paniniwala mula sa tagapakinig. Isa sa mga mabisang paraan ng lohikal na panghihikayat ay ang paghahambing ng iba't ibang alternatibo upang maipakita ang pinakamainam na solusyon.

Sa pagsusuri ng mga nilalaman ng SONA, may tatlong temang umuusbong na nagpapakita ng lohikal na pangganyak. Sa talahanayan 2, tatlong tema sa ilalim ng lohikal na pangganyak ang natukoy sa korpora kabilang dito ang pagpapakita ng katibayan, paggamit ng estadistika at datos, at ang pamamaraang suliranin at solusyon. Ang mga pahayag na nabibilang sa mga temang ito ay nagpapakita ng maingat at makatotohanang presentasyon ng impormasyon upang suportahan ang mga ideya at mungkahi ng tagapagsalita. Sa partikular, ang pagpapakita ng katibayan ay malinaw na ginamit upang bigyang-lakas ang mensahe ng talumpati. Ang paggamit ng mga konkretong datos, ulat, at halimbawa ay nagsilbing matibay na pundasyon ng mga argumento, kaya mas naging kapani-paniwala at epektibo ang kabuuang mensahe ng SONA, ito ay ginagamit bilang sumusunod:

*"Mas malakas ang ekonomiya ngayon kay noong 2022.Nakakita tayo ng paglago sa unang kwarter ng taong ito na higit pa sa inaasahan.C-51*

"*Patungo na tayo sa paggamit ng ating mga target sa paglago para sa 2023"C-51*

Inihayag ng susunod na pahayag ang lohikal na tema na makikita sa SONA ng pangulo Marcos Jr.Ang layunin ng tagapagsalita ay ang pagpapahayag ng ebidensya ,daot at estaikal sa pamamagitan ng pagbibigay at pagtiyak na ang lahat ng mga lohikal na bumubuo ng 99% na binubuo ng MSME. Ang paglalahad ng ebidensya, datos at numerikal ay maikli paraan ay makakatulong sa madla na maunawaan ang argumento ng tagapagsalita at gawin ito mas mapanghikayat.

*" Ang ating mikro,maliit at katamtamang laki ng negosyo oM ay bumubuo ng 99% ng lahat ng negosyo sa bansang ito. Lumilikha sila ng higit sa kalahati ng ating ekonomiya ".**C-53***

Ang nasa itaas ay ang korpora na may karaniwang tema ng lohikal na apela. Ang paglalahad ng ebidensya o katotohanan upang maghatid ng mga ideya at kaisipan ay maliwanag sa mga corpora na ito. Ang paraan ng pagpapakita ng ebidensya ay maaaring makaapekto sa pagiging epektibo nito. Nakakatulong ang pahayag na ilarawan ang punto ng tagapagsalita at gawing mas malilimutan ang ebidensya. Ibig sabihin ay nakakadagdag ito sa pagiging mapanghikayat ng talumpati.

Sa kabilang banda, ang halimbawa sa ibaba ay kabilang sa mga istatistika at data bilang isang tema. Ang lohikal na apela na nagpapakita ng data at mga istatistika bilang isang patunay sa pananalita, mga ideya at mga alok na nararapat pakinggan. Mula sa pahayag ng tagapagsalita, ito ay nakikita at nauunawaan dahil ang retor ay nagsaad ng numerical data bilang katibayan ng mensahe. Maaaring gamitin ang mga istatistika upang ipakita ang mga resulta mula sa isang survey, paghambingin ang data at mga resulta ng benchmarking, o ipakita ang mga natuklasan.

*"Ang inflation rate ay gumagalaw sa tamang direksyon. Mula sa 8.7 porsyento noong enero ang atin inflation ay inaasahang bababa pa sa pagsasara ng tao at inaasahan 2.9 porsyento sa 2024".**C-52***

Ang sumusunod na pahayag ay nauugnay sa paksa ng lohikal na apela. Mas maraming tao ang nahihikayat kapag ang rhetor ay gumagamit ng mga numerical na katotohanan sa kanilang mga pag-uusap. Napakahalagang gumamit ng sapat na laki ng halimbawa sa mga istatistika upang matiyak ang katumpakan at gawing mas maliwanag ang mga istatistika sa madla. Idiniin ng tagapagsalita ang terminong "trilion" upang palakasin ang punto. Ito ay kinuha mula sa corpora at ginamit bilang mga sumusunod:

*"Nag-post ang ating ekonomiya ng 7,6 percent growth noong 2022,a pinakamataas na growth rate sa loob ng 46 na taon.*
*Noong 2022, ang digital na ekonomiya ay nag-ambag ng 2 trillion pesos,*
*katumbas ng 9.4 percent ng ating GDP".C-54*

**Emosyonal na Pangganyak.** Ang ikalawang estratehiya ng panghihikayat na lumitaw sa SONA ni Ferdinand Marcos Jr. ay ang pathos o emosyonal na pangganyak. Ang pathos ay karaniwang tumutukoy sa paggamit ng damdamin upang hikayatin ang tagapakinig at ilagay sila sa isang partikular na kalagayang emosyonal. Ipinapakita ng tagapagsalita ang kanyang pakikiisa sa mga pangangailangan, pinahahalagahan, at mga hangarin ng mga mamamayang pinagsisilbihan. Ang pathos ay maaaring tumukoy sa damdamin ng seguridad, pag-ibig, pagkakasala, kasakiman, awa, katatawanan, empatiya, at takot upang mahikayat ang mga tagapakinig na tanggapin at paniwalaan ang mga ideyang inilalahad sa SONA.

Sa pagsusuri ng mga nilalaman ng SONA, may tatlong karaniwang temang lumitaw sa ilalim ng emosyonal na pangganyak: pag-ibig at ugnayan, inspirasyon at ambisyon, at empatiya at malasakit. Ang mga ito ay ginagamit upang ipahayag ang damdaming kaakibat ng mga layunin at mensahe ng talumpati.

Ang halimbawa sa ibaba ay nagpapakita ng paggamit ng emosyonal na pangganyak na may kaugnayan sa pag-ibig at ugnayan. Upang makabuo ng isang mabisang emosyonal na pangganyak, kailangang maunawaan ng tagapagsalita ang kanyang mga tagapakinig at kung alin sa kanilang mga damdamin ang higit na maandig. Isang epektibong paraan upang lumikha ng emosyonal na epekto ay ang paggamit ng mga salitang may matinding damdamin kaakibat. Sa pahayag, ipinapahayag ng tagapagsalita ang kahalagahan ng pag-ibig sa pamamagitan ng pangangalaga sa pamilya at sa komunidad, na siya ring pagpapalalim sa bisa ng kanyang mensahe sa mga mamamayan**.**

*"Hindi natin pababayaan ang ating mga manggagawa. Sila ang tunay na lakas ng ating ekonomiya. Siguraduhin natin na may sapat na oportunidad para sa kanila, disenteng trabaho, at makatarungang sahod".C-55*

Higit pa rito, ang ibabang corpora ay ginagamit saSONA at ito ay kabilang sa temang pathos. Ang apela ng pagiging pag-ibig at kung paano maging pag-ibig ay pagdaragdag sa pakiramdam ng panghihikayat ng madla. Kapag ang tagapagsalita ay nagsasalita tungkol sa pag-akit sa mga emosyon, ito ay nagsasalita tungkol sa mga kalunos-lunos: ang mga emosyon na nagagawa ng isang tagapagsalita upang maakit at magising sa kanilang mga tagapakinig. Mula sa corpora, nabubunyag ang ambisyon, pag-asa at mahangad ng magandang buhay, ito ay pumupukaw ng mga puso at gumising sa mga manonood.

*"Ang edukasyon ang susi sa ating kinabukasan. Dapat nating tiyakin na ang bawat bata, anuman ang kanilang pinanggalingan pamilya,ay may pagkakataong makapag-aral at makamit ang kanilang mga pangarap".**C-56***

Sa kabilang banda, ang ipinakitang halimbawa ng sipi ay nabibilang sa pag-asa at pagdadamayan ng pagiging matatag bilang tema sa emosyonal na apela. Ang kakayahang pagiging matatag ay upang lampasan ang anumang pagsubok at pagkakaisa upang magbigay sa madla ng isang saloobin ng pagiging malakas sa emosyonal sa kabila ng mga indibidwal na kahirapan. Ang mga temang ito ay maaaring gamitin upang lumikha ng isang emosyonal na koneksyon sa madla at upang mag-udyok sa kanila na kumilos. Ang unang pahayag ay binibigyang-diin na pukawin ang damdamin sa pamamagitan ng pagkakaisa at patriyotismo.

*"Sa ating pagkakaisa,walang imposible. Sama-sama nating harapin ang mga hamon at abutin ang ating mga pangarap para sa isang mas magandang pilipinas".C-57*

Dagdag pa rito, ang ipinakitang sipi ay nabibilang sa adhikain at inspirasyon bilang tema sa emosyonal na apela. Ang kakayahang mag pahiwatig ng inspirasyon upang makamit ang isang bagay at inspirasyon upang magbigay sa madla ng isang saloobin ng pagiging malakas sa emosyonal sa kabila ng mga indibidwal na kahirapan. Ang mga temang ito ay maaaring gamitin upang lumikha ng isang emosyonal na koneksyon sa madla at upang mag-udyok sa kanila na kumilos. Ang unang pahayag ay binibigyang-diin ang adhikain sa pamamagitan ng pagkakaisa at ang inspirasyon ay ang Diyos, mga pamilya, at ang bansa

*"Gugugulin natin ang lahat ng ating makakya upang palakasin ang sektor ng agrikultura .Hindi lamang ito tungkol sa pagkain sa ating, mga hapag -kainan, kungdi tungkol din sa kabuhayan ng ating mga magsasaka at mangingisda**"C-58***

**Ethos na Pangganyak.** Ang ethos ay tumutukoy sa pagkatao o kredibilidad ng tagapagsalita. Kabilang sa mga anyo ng etikal na pangganyak ang kabutihang-asal, praktikal na karunungan, at kabutihang-loob ng tagapagsalita para sa kanyang mga tagapakinig. Ang etikal na pangganyak ay mahalaga sa pampublikong pagsasalita sapagkat ito ang tumutulong upang maitatag ang mabuting reputasyon at integridad ng tagapagsalita mga salik na kinakailangan upang makuha ang tiwala at pagtanggap ng tagapakinig sa kanyang mensahe. Batay sa pagsusuri, may dalawang tema na karaniwang lumitaw sa bahagi ng etikal na pangganyak sa Talahanayan 2: ang paggamit ng mga dalubhasa sa kani-kanilang propesyon, at ang mapagkakatiwalaang patotoo o testimonya.

Ang paggamit ng mga eksperto sa kani-kanilang larangan, lalo na sa konteksto ng SONA ni Ferdinand Marcos Jr., ay nakadaragdag sa etikal na pangganyak, na kilala rin bilang ethos. Ang halimbawa sa bahaging ito ay nagpapakita ng mahalagang paggamit ng praktikal na kaalaman ng isang eksperto sa larangan ng pamahalaan at politika. Ang kaakibat na propesyon ay nagpapataas sa bisa at kredibilidad ng posisyon ng tagapagsalita.Ang isa pang pahayag na ibinunyag sa SONA ay konektado sa tema ng etikal na apela. Ang binigkas na pahayag ay ipinapakita nito ang kredibilidad ng gobyerno sa pagpapalakas ng ekonomiya. . Samakatuwid, pinapayagan nito ang madla na gumawa ng matalinong paghuhusga tungkol sa kredibilidad ng impormasyong ipinakita. Ang pahayag sa ibaba ay nagpapakita tagumpay sa ekonomiya.

*"Ang malakas na pagbangon ng ating ekonomiya mula sa pandemya ay kabilang sa pinakamataas sa ating rehiyon**"C- 59***

Bukod dito, isa pang corpus ang sinuri sa SONA ni Ferdinand Marcos Jr, ay nakaangkla sa nabanggit na tema. Ang pangalawang pahayag na sumusuporta sa nagsasalita na may sapat siyang kaalaman at pag-unawa sa proseso ng pagbibigay ng pagkain.Ang pahayag sa ibaba ay nagsiwalat ng mga sanggunian ng tagapagsalita. Ang patotoo ng tagapagsalita ay nagpapakita ng awtoridad at kredibilidad, dahil pinapakita nito na ang desisyon ay batay sa masusing pagsusuri.

*"Lubos kong nauunawaan na na ang pagbibigay ng pagkain ay hindi lamang paggawa nito. Maraming hakbang ang dapat gawin, at pinag-aralan namin ang bawat hakbang na ito."*

Dagdag pa rito, ang sumusunod na pahayag na ibinigay sa SONA ay nagpapakita ng nabanggit na tema. Ang paggamit ng responsibilidad at dedikasyon ay mahalaga at nagpapahiwatig ng malakas na pangako at responsibilidad ng tuparin ang layunin . Mula sa pahayag sa ibaba, bumigkas ng positibo at mariing salita ang rhetor sa pamamagitan naisakatuparan natin. Gayundin, ang rhetor naglalayong magtatag ng tiwala sa sarili na nagnanais magbigay ng suporta at solusyon upang mapabuti ang mga layunin.

*"Isinasakatuparan natin ang maging moderno at tumutugonsa pangangailangan ang Philippine Coast Guard"C-60*

Panghuli ay, ang mga sumusunod na corpora na binigkas sa SONA at nagpapakita ng tema na ethos. Ang rhetor ay may pagpapakita ng aksyon at pag-aalok ng solusyon. dahil naniniwala ang tagapagsalita na ang determinado diyang tuldukan ang problema at ito'y mahalaga sa paglilingkod sa kapwa tao at pagprotekta ng karapatan na pansarili . Hindi lamang empatiya gayundin, ang rhetor ay nagpapakita ng ng aksyon kundi

pagpapakita na may ginawa na. Samakatuwid, ang mga mahabaging tagapagsalita ay makakakuha at pagpapanatili ng atensyon ng madla.

## V. KONKLUSYON

Ang pananaliksik na ito, na pinamagatang "Pagsusuri sa Paggamit ng Wika at Retorika sa SONA ni Ferdinand Marcos Jr.", ay matagumpay na nagtapos sa pagbubunyag ng mahahalagang pananaw hinggil sa makapangyarihang papel ng wika sa larangan ng pulitika at komunikasyon. Sa pag-aaral ng SONA, nakita kung paanong ang wika ay ginagamit hindi lamang upang mag-ulat ng mga nagawa at layunin, kundi upang makabuo rin ng koneksyon sa mamamayan, maglatag ng pananaw, at makahikayat ng suporta.

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga aspektong lingguwistiko gaya ng morpolohiya, estilo ng talumpati, at mga retorikal na estratehiya, naipamalas ang lawak ng impluwensiya ng isang maayos at mabisang paggamit ng wika sa paghubog ng pampublikong opinyon. Ang pag-aaral ay nagsisilbing paalala na ang mga talumpati ng mga lider tulad ng SONA ay hindi lamang simpleng pormal na pag-uulat, kundi isang masalimuot at masining na anyo ng komunikasyon na kayang magpaabot ng mensahe sa antas ng damdamin, kaisipan, at paninindigan.

Dahil dito, inirerekomenda ng pag-aaral na isama ang ganitong uri ng diskurso sa pagtuturo ng wika hindi lang upang mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa gramatika o bokabularyo, kundi upang hubugin ang kanilang kritikal na pag-iisip, pagkaunawa sa kultura, at kasanayan sa tunay na komunikasyong panlipunan. Ang paggamit ng mga tunay na talumpati ay nagiging tulay sa pagitan ng klasrum at ng reyalidad ng lipunan. Sa personal na antas, naging isang makabuluhang paglalakbay ang pagsasagawa ng pananaliksik na ito. Bagamat puno ito ng mga pagsubok kabilang ang kawalan ng sapat na kaalaman sa simula at ang pagiging bago sa larangan ng discourse analysis nagbunga ito ng maraming aral.

Sa pagtitiyaga, patuloy na pag-aaral, at bukas na pag-iisip, natutunan ko hindi lamang ang teknikal na aspeto ng pananaliksik, kundi ang mas malalim na kahulugan ng wika bilang puwersang panlipunan. Ang proseso ay hindi naging madali, ngunit ito ay naging daan upang mas mapalalim ang aking pag-unawa sa kung paano gumagana ang wika sa konteksto ng kapangyarihan, pananampalataya, at pagkilos.

Sa kabuuan, ang pananaliksik na ito ay nagbukas ng bagong pinto hindi lamang sa larangan ng akademya kundi sa aking personal na interes at pagnanais na higit pang maunawaan ang papel ng wika sa lipunan. Naging inspirasyon ito upang patuloy tuklasin kung paanong sa pamamagitan ng wika, ang isang lider ay maaaring magpahayag, manghikayat, at makipag-ugnayan sa isang bansa. Higit sa lahat, ipinapakita ng pag-aaral na ang retorika ay hindi lamang sining ng pagsasalita ito ay sining ng pag-abot sa puso't isip ng madla.

## TALASANGGUNIAN


[1] Sikanku G.. (2022). A comparative analysis of Hillary Clinton and John Mahama's concession speeches in the 2016 US and Ghanaian Presidential Elections. Howard Journal of Communications. Retrieved online from: https://www.tandfonline.com/doi/full/10.1080/10646175.2022.2090877.

[2] Haoran *Rong, H. (2024). Rhetoric and President of United States Image Projection: An Analysis of the Inaugural Address Made by Donald. Communications in Humanities Research, 63, 181–187. DOI: 10.54254/2753-7064/2024.18054*

[3] Sharma, P., & Kumar, V. (2023). A Critical Discourse Analysis of Prime Minister Shri Narendra Modi's Public Speeches. Migration Letters, 20(S13), 723–729. https://doi.org/10.59670/ml.v20iS13.8331

[4] Murillo, M. A., & Yeh, A. (2021). The Failed Rhetoric: Presupposition Analysis on Duterte's 5th State of the Nation Address. International Journal of Language and Literary Studies, 3(2), 1–20. https://doi.org/10.36892/ijlls.v3i2.587

[5] Signey, A. (2023). Ideology and political discourse: A critical discourse analysis of Ferdinand Marcos Jr.'s 2022 State of the Nation Address

[6] Agagon, E., Agagon, J., & Agagon, M. (2024). Illocutionary speech acts used by President Ferdinand Marcos Jr. during the 2022 and 2023 State of the Nation Address

[7] Baker, P. (2006). Using corpora in discourse analysis. Continuum. http://www.ling.lancs.ac.uk/staff/paulb/usingcorpora

[8] Finnegan, R. (2008). The Hidden Musicians: Music-Making in an English Town (2nd ed.). Wesleyan University Press.